Republic of the Philippines
Department of Education
Region X
DIVISION OF TANGUB CITY
AnecitoSiete St., Tangub City
Telefax: (088) 395-3372
Email: deped10_tangub@yahoo.com.ph

DIVISION OF TANGUB CITY
CITY OF TANGUB
149
RELEASED BY:
7-28-16

MEMORANDUM PANGSANGAY
Blg. 144 , S. 2016

Para Sa: Pinuno ng CID at SGOD
Tagamasid Pangsangay sa Asignaturang Filipino
Punong Guro ng mga Pampubliko at Pampribadong Paaralan
Mga Guro ng Elementarya at Sekundarya

Buhat Kay: **VICTORIA V. GAZO, Ph. D., CESO V**
Tagapamanihala ng Sangay

Paksa: **PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKA 2016**

Petsa: **Hulyo 28, 2016**

---

1. Ang taunang pagdiriwang ng **Buwan Ng Wikang Pambansa** tuwing ika – 1 hanggang ika – 31 ng Agosto ay may temang **Filipino: Wika ng Karunungan.**

2. Ang layunin ng pagdiriwang ay ang sumusunod:
   a. ganap na maitupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041 (Taunang Pagdiriwang Tuwing Agosto 1-31 Bilang Buwan Ng Wikang Pambansa)
   b. mahikayat ang ibat't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika sibiko; at
   c. maganyak ang mga mamamayang Pilipino na pahalagahan ang wikang pambansa sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga Gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa.

3. Ang lingguhang paksa sa loob ng isang buwang pagdiriwang ay ang mga sumusunod:
   a. Filipino: Wika ng Edukasyon at Kalinangan;
   b. Intelektuwalisadong Wikang Pambansa, Wika ng Umuunlad na Bansa;
   c. Pagsasalin, Susi sa Pagtamo at Pagpapalaganap ng mga Kaalaman at Karunungan; at
   d. Ang Wikang Filipino ay Wika ng Saliksik.

4. Ang mga nabanggit na lingguhang paksa ang patnubay at magsisilbing batayan ng lahat ng gawaing bubuuin at isasagawa sa isang buwang pagdiriwang. Hindi ito inayos sa pagkasunud – sunod upang magkaroon ng kalayaan ang lahat sa pagpaplano ng programa.

5. Sisikapin na ang bawat gawain ay kapakipakinabang sa mga mag – aaral sa lahat ng antas na kanilang kinabibilangan.

6. Inaasahan na ang mga pinuno ng mga paaralan ay magsusumite ng Ulat Pasalaysay sa tanggapang ito matapos maisasagawa ang pagdiriwang ng Buwan ng Wika. Ang pinakahuling araw ng pagsusumite sa naturang mga ulat ay sa darating na ika- 5 ng Setyembre, 2016.

7. Hinihiling ang mabilis na pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

VVG/rpd 07-28-16